





Ang Municipal Agriculture Office, BLGUS, BFARMCS, Fisherfolk Associations at Bantay Dagat ay palagiang mamahala at magmamasid sa Roxas Payaw Management Area. Ang Fisherfolk Associations (Samahan ng Mangingisda). BFARMCS at Bantay Dagat ay palagiang magbibigay ng ulat tungkol sa mga hakbangin ng pamamahala sa Punong Bayan at MAO.

SEKSYON 6. Membership (Kasapi)- ang mga kasapi ng Roxas Payaw Management Area Management Body ay magmumula sa samahan ng mga mangingisda at samahan ng mga tao sa mga Barangay ng San Isidro, Paclasan, Bagumbayan, Dangay at San Jose. Sa pagkakataon na wala ng mangingisda na maaaring sumapi, maaaring maghikayat ng mga taong may nais maglingkod mula sa mga nabanggit na barangay sa itaas.

SEKSYON 7. Organization (Pagbubuo o Pag-oorganisa).

Sa oras na ang ordinansang ito ay maging epektibo, ang MAO ay magpapatawag ng miting o pagpupulong ng lahat ng mga katuwang at sisimulan ang pagpapatupad ng Roxas Management Area Ordinance. Ang MAO sa pamamagitan ng Fishery Management Office o Seksyon ay susubaybayan ang organisasyon ng BFARMCS at kaagad na magsusumite sa Tanggapan ng Punong Bayan at Sangguniang Bayan ng listahan ng mga kasapi at ng istraktura ng samahan ng buong proyekto.


LEO G. CUSI, SR.


JERWIN S. DIMAPILIS


FERDINAND V. TALENS, MPA

SEKSYON 8. Panuntunan ng Payaw Management Area

- a. Mga simpleng kawil at linya, maramihang kawil at linya at troll fishing ang pahihintulutan sa sona.
- b. Panghuhuli, paggamit ng lakas at pwersa o pagsakit sa alinmang buhay na yamang dagat, maliban sa nahuli gamit ay simpleng kawil, maramihang kawil at troll fishing ay lubhang ipinagbabawal.
- c. Pagkakalat at pagtatambak ng mga basura ay lubhang ipinagbabawal.
- d. Ang mga pagsasaliksik na makatutulong sa pamamahala ng sona ay maaaring payagan subalit kailangang kumuha ng pahintulot mula sa Punong Bayan o namamahala sa lokal lalo na ang Punong Barangay at konseho ng barangay sa palagiang pakikipag-ugnayan sa Municipal Agriculture Office.

ARTIKULO 3: BAYARIN, OBLIGASYON AT LISENSIYA SA PAGLALAGAY NG PAYAW O BUYA SA KATUBIGANG NG ROXAS

SEKSYON 9. Karaniwang Lisensyang Nagpapahintulot sa Payaw o Buya

9.1 Bayad sa Lisensyang Nagpapahintulot – Ang Municipal Agriculture Office ay maniningil ng kaukulang bayad sa kada isang payaw o buya na ilalagay sa katubigang sakop ng bayan ng Roxas taon-taon. Ang isang lisensyadong mangingisda ay maaari lamang magmay-ari ng limang (5) Payaw o Buya, samantalang ang isang samahan ng mangingisda ay maari lamang magmay-ari ng sampung (10) Payaw o Buya. Ang bawat Payaw o Buya na ilalagay ay kinakailangang mayroong distansya ng humigit kumulang ng 100 meters ang layo mula sa iba pang mga Payaw o Buya.

9.1.1 Payaw/Buya Permit: Php. 350.00/taon

9.1.2 Mga rekisito:

- a) Community Tax Certificate (Cedula)
- b) Barangay Clearance
- c) MFARMC Clearance
- d) 1pc Photocopy Gov. Issued ID

9.2 Gratuitous Permit (Libreng Permit/Pahintulot) – Sa layuning makatulong sa RPMA, ang Punong Bayan at ang MAO ay maaaring magbigay ng libreng pahintulot sa mga ahensya ng gobyerno, mananaliksik, mga institusyon, non-government organizations, samahan ng mga tao at iba pang organisasyon na libre ang pagpapasok.

SEKSYON 10. Paglalagay ng numerong tanda sa bawat rehistradong payaw o buya

Ang Municipal Agriculture Office ay magbibigay ng numerong tanda para sa kada isang Payaw o Buya matapos makapag-sumite ng kaukulang rekisito, inspeksyon at bayad rehistro.


SEKSYON 11. Paggamit ng Kita at Bahaginan

Ang makokolektang bayad ng pamahalaang pambayan sa ilalim ng ordinansang ito ay gagamitin sa pamamahala ng RPMA at iba pang kaugnay na mga aktibidades na istriktong naaayon sa mga alituntunin ng IRR na bubuunin para sa ordinansang ito.

- a 10% - mapupunta sa General Fund ng barangay.
- b. 25% - mapupunta sa General Fund ng Pamahalaang Lokal.
- c. 65% - gagamitin sa pamamahala at pagpapanatili ng RPMA at ng pangisdaan.


LEO G. CUSI, SR.


JERWIN S. DIMAPILIS


FERDINAND V. TALENS, MPA

SEKSYON 12 – Pondo

Ang halagang Isang Daang Libong Piso (P100,000.00) ay ilalaan para sa agarang pagpapatupad ng ordinansa at maglalaan ng pondo para sa implementasyon ng kautusan at ito ay nasa taunang pondo ng Pamahalaang Bayan sa pamamagitan ng MAO.

SEKSYON 13 – Pagpapatupad

Ang Philippine National Police (PNP), Roxas Maritime Police at Philippine Coastguard na nakatoka sa Bayan ng Roxas at mga Barangay ng San Isidro, Paclasan, Bagumbayan, Dangay at San Jose sa pamamagitan ng kapitan ng barangay, mga konsehal at barangay tanod, kasapi ng Enforcement Training, mga kasapi ng Municipal Fishery Law Enforcement Team at iba pang sumasailalim sa pagsasanay at pagpapatupad ng batas na itinalaga ng Punong Bayan ng Roxas bilang deputized Bantay Dagat (Fish Wardens) ang dapat magpatupad ng ordinansa. Ang Punong Bayan ay magtatalaga ng 2 tauhan mula sa PNP upang bantayan ang Roxas Payaw Management Area at makikipag-ugnayan sa mga opisyal ng Barangay at ng MAO. Ang Patrol Boat ng munisipyo ay gagamitin sa pagbabantay sa PMA. Ang MPA Stations ng Paclasan ay magsisilbing istruktura ng pagpapatupad ng panuntunan sa pangangisda na magdudulot ng kaayusan at kapanutuhan sa patuloy na pagmamanman/pangangasiwa ng PMA.

SEKSYON 14- Pagbibigay ng Kaalaman at Edukasyon

Ang lokal na pamahalaan ng bayan ay susuporta sa masusing pagbibigay ng kaalaman at edukasyon sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga plano at pagpapatupad ng mga programang pang-edukasyon para makuha ang suporta ng komunidad at makamit ang napakahalagang kooperasyon sa pamamahala ng PMA.

SEKSYON 15- Pangangasiwa

Ang MAO bilang kinatawan ng Punong Ehekutibo ang pangkalahatang tagapangasiwa at tagapamahala ng proyektong RPMA.

SEKSYON 16-Teknikal at Iba pang Tulong

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Oriental Mindoro kasama ang Provincial Agriculture Office-Fisheries and Coastal Resource Management Division at ang Bureau of Fisheries and Aquatic Resources ang magbibigay ng teknikal na pagsasanay at iba pang uri ng tulong para sa pagpapatupad at operasyon ng RPMA.

SEKSYON 17-Panaka-nakang Pagsusuri


Ang pamahalaang bayan sa pamamagitan ng BFARMC at MAO ang siyang magsusuri sa pamamahala at pagpapaunlad ng RPMA sa loob limang taong magkakasunod-sunod para mapanatili ang patuloy na kaayusan at maisaayos ang anumang pagbabago at kalagayan ng lugar. Isasaalang-alang nila ang mga kinakailangang pagbabago hinggil sa resulta ng pagpapatupad, pagmamatyag at pagsubaybay sa proyekto.

SEKSYON 18 Prohibisyon

Mahigpit na ipinagbabawal ang paglalagay ng Payaw o Buya nang walang kaukulang permit mula sa Municipal Agriculture Office at sa Roxas Payaw Management Area. Mahigpit ding ipinagbabawal ang pagpapahulog o pagpagpapakulong ng Payaw o Buya sa mga Commercial Fishing Vessel.


LEO G. CUSI, SR.


JERWIN S. DIMAPILIS


FERDINAND V. TALENS, MPA

SEKSYON 19. Kaparusahan. Ang sinumang hindi sumunod sa alituntunin na nabanggit dito ay papatawan ng mga sumusunod na kaparusahan:

19.1 Para sa Maliliit na Mangingisda

1. **Unang Paglabag** - Pagbabayad ng halagang Isang Libong Piso (PHP1,000.00).
2. **Ikalawang Paglabag**- Pagbabayad ng halagang Dalawang Libong Piso (PHP2,000.00) at pagkumpiska ng bangkang pangisda, lahat ng lambat na pangisda at iba pang mga kagamitan sa pangangisda.
3. **Ikatlong Paglabag** - Pagbabayad ng halagang Dalawang Libo at Limang daang Piso (PHP2,500.00) o Pagkakulong ng anim (6) na buwan o pareho ayon sa hatol ng hukuman.

19.2 Para sa maliliit at komersyal na Mangingisda

1. **Unang Paglabag**- Pagbabayad ng halagang Dalawang Libo at Limang daang Piso (PHP2,500.00) at bayad sa pinsala katumbas ng kasalukuyang presyo ng bawat kilo ng isda na nahuli sa loob ng RPMA. Ang mga nakumpiskang isda ay ipagbibili at ang pinagbilhan ay magsisilbing pondo para sa mga kagastusan ng BFARMC at Bantay Dagat kasama ang Honorarium para sa nasabing panahon kung saan ang magdedesisyon ay ang Tanggapan ng Pambayang sangay ng Agrikultura.
2. **Ikalawang Paglabag**- Pagkumpiska ng bangkang pangisda, lahat ng lambat na pangisda at iba pang mga kagamitan sa pangangisda at pagbabayad ng halagang Dalawang Libo at Limang daang Piso (PHP2,500.00) at bayad sa pinsala katumbas ng kasalukuyang presyo ng bawat kilo ng isda na nahuli sa loob ng RPMA. Ang mga nakumpiskang isda ay ipagbibili at ang pinagbilhan ay magsisilbing pondo para sa mga kagastusan ng BFARMC at Bantay Dagat kasama ang *honorarium* para sa nasabing panahon kung saan ang magdedesisyon ay ang Tanggapan ng Pambayang sangay ng Agrikultura.

SEKSYON 20. Sugnay Pagpapawalang Bisa. Anumang kautusan sa Bayan ng Roxas na salungat sa Kautusang ito ay pinapawalang bisa.


SEKSYON 21. Sugnay ng Paghihiwalay. Anumang bahagi ng kautusang ito na salungat sa Saligang Batas ay pinapawalang bisa subalit ang iba pang mga bahagi ay mananatiling may bisa.

SEKSYON 22. Sugnay ng Pagkakabisa. Ang Kautusang ito ay ipatutupad matapos na ito ay pagtibayin ng Sangguniang Panlalawigan at maipaskil sa tatlong mahahalagang lugar sa Bayan ng Roxas.

On motion of Councilor King Philip B. Dimapilis duly seconded by all this ordinance is hereby ENACTED.

Adopted: 07 October 2024


CERTIFIED CORRECT:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Secretary to the Sangguniang Bayan


LEO G. CUSI, SR.


JERWIN S. DIMAPILIS

ATTESTED:



JERWIN S. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor


APPROVED:


LEO G. CUSI, SR.
Municipal Mayor
Date Signed: _____

mjc-10072024

by: 
BERNADETTE C. REYES

For NAO: 
10-21-2024



Received by:
PSMS 
10-31-2024

received : 10-31-24

MARLEE REYES

Received by: 
Ramon Cusi Jr.
10-22-2024
2:30 pm

received : 
Kimberly Domingo
San Kidn / Mr. Tabella
- or Lopez
RECEIVED: Francisco de Torres
SAN ROSE


MUCIT 
10-22-2024
3:06 pm

congreg
Cristy B. Morales
10-31-24
POB DENNIS M. DIMAPILIS PCH
31 10004 OCT 2024

